SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

# KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG PAMAHAYAGANG PANG-KAMPUS SA LUNGSOD NG DAVAO: ISANG MAKASAYSAYANG PAGSISIYASAT

**Victor C. Asnahon**
*Master of Arts in Teaching Filipino Graduate School, Rizal Memorial Colleges, Inc.*
*Davao City, Mindanao Island, Philippines*

**ABSTRAK**

*Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga hamon, pagbabago, at kasalukuyang kalagayan ng pamahayagang pang-kampus sa pagdaan ng mga dekada. Tinalakay nito ang mga pagbabagong panlipunan, institusyonal, at teknolohikal na nakaapekto sa operasyon, layunin, at nilalaman ng mga publikasyong pang-kampus. Ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng pasalitang kasaysayan at pagsusuring tematiko. Ang mga datos ay nakalap mula sa malalalim na panayam sa mga piling kalahok na may karanasan at naging saksi sa pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus. Sinuri ang mga salaysay upang mabuo ang mga pangunahing tema at sentral na idea kaugnay ng pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus.Natuklasan sa pag-aaral na ang pamahayagang pang-kampus ay humaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa pondo, limitadong suportang institusyonal, at sensura. Lumitaw din na malaki ang naging epekto ng teknolohiya sa pagpapabilis ng produksiyon at pagpapalaganap ng balita. Bukod dito, nagbago rin ang nilalaman ng pamahayagan mula sa payak balitang pampaaralan tungo sa mas mapanuring pagtalakay sa mga usaping panlipunan tulad ng kalusugang pangkaisipan, karapatan ng kabataan, at demokratikong diskurso. Naging mas organisado rin ang operasyon ng mga publikasyon dahil sa paggamit ng mga elektronikong plataporma. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral ang pagpapalakas ng suportang pinansyal at institusyonal, palagiang pagsasanay sa dihital na pamamahayag, at pagpapatibay ng kalayaan sa pamamahayag sa mga paaralan.*

MGA SUSING SALITA*: pamahayagang pang-kampus , kalayaan sa pamamahayag, institusyonal na suporta, kasaysayan at pag-unlad*

## 1. PANIMULA

### Ang Suliranin at Kaligiran Nito

Ang pamahayagang pang-kampus ay isang mahalagang bahagi ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas. Sa Sangay ng Lungsod ng Davao, partikular mula taong 1978 hanggang 2020, naging mahalagang bahagi ito ng paghubog sa kamalayang panlipunan at kasanayang pampamamahayag ng mga mag-aaral sa iba't ibang pampublikong at pampribadong paaralan. Gayunman, sa paglipas ng panahon ay naharap ang mga pahayagang pang-kampus sa iba't ibang suliranin gaya ng kakulangan sa pondo, limitadong suporta, mabilis na pagbabago sa teknolohiya, pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa pagsulat, at mga hamon sa pagpapanatili ng malayang pamamahayag. Sa kabila ng mahalagang papel nito bilang daluyan ng malayang pagpapahayag, tagapagtanggol ng karapatang pantao, tagasulong ng katarungan, at tagapagmulat sa mga isyung panlipunan, nananatiling kakaunti ang mga masusing pag-aaral na nakatuon sa kasaysayan at pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa lokal na konteksto ng Lungsod ng Davao. Sa paglipas ng mga dekada, ang anyo, nilalaman, at gampanin ng pamahayagang pang-kampus ay patuloy na sumasalamin sa mga pagbabagong panlipunan, pampulitika, at pangkultura sa bansa.

Sa kontekstong ito, layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang kasaysayan ng pamahayagang pang-kampus sa Sangay ng Lungsod ng Davao mula taong 1978 hanggang 2020**.** Hangad ng pananaliksik na matukoy ang mga pagbabago, hamon, at naging epekto ng naturang institusyon sa kabataang mamamahayag sa loob ng nasabing panahon. Ang pagtalakay sa kasaysayang ito ay hindi lamang isang pagsilip sa nakaraan kundi isang mahalagang hakbang tungo sa mas malalim na pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan at hinaharap ng pamahayagang pangkampus sa rehiyon.

Bilang isang tagapayo ng pahayagang pang-kampus mula pa noong 2001 hanggang sa kasalukuyan**,** naging saksi ako sa mga makabuluhang yugto ng pag-unlad, pagtindig, at pakikibaka ng mga kabataang mamamahayag sa Lungsod ng Davao. Sa pamamagitan ng karanasang ito, lalong naging malinaw ang pangangailangan ng isang masusing pag-aaral na magtatala at magsusuri sa mga pangyayaring bumalot sa kasaysayan ng pamahayagang pang-kampus sa lungsod.

Makikinabang sa pananaliksik na ito ang mga tagapayo ng pahayagang pang-kampus, dahil magbibigay ito ng mas malawak na pananaw sa kasaysayan at kontekstong pinagmulan ng mga publikasyong kanilang ginagabayan. Gayundin, ang mga guro ng komunikasyon at pamamahayag ay makakakuha ng mahalagang kaalaman na maaaring maging bahagi ng kanilang pagtuturo. Higit sa lahat, ang mga mag-aaral ng pamamahayag at kasapi ng mga pahayagang pang-kampus ay maaaring gumamit ng pananaliksik na ito bilang inspirasyon at gabay upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa papel ng pamamahayag bilang kasangkapan sa pagbabagong panlipunan.

Sa pandaigdigang konteksto, ang pamamahayag pang-kampus ay patuloy na humaharap sa iba't ibang hamon at pagkakataon. Ayon kina Smith at Johnson (2021) mula sa Estados Unidos, ang mga pahayagang pang-kampus ay nagsisilbing plataporma ng malayang pagpapahayag ngunit madalas ding nakararanas ng presyur mula sa administrasyon at pulitika. Sa Australia naman, tinukoy nina Lee at Wong (2022) ang mabilis na pagbabago sa teknolohiya bilang pangunahing salik sa pag-unlad at pagbagal ng tradisyunal na pamamaraan ng paglalathala ng mga pahayagan sa unibersidad. Samantala, sa South Korea, inilahad ni Kim (2023) ang kahalagahan ng pahayagang pang-kampus bilang behikulo ng aktibismo at pagbabago sa mga estudyante lalo na sa panahon ng mga protesta at panlipunang usapin.

Sa Pilipinas, may mga suliranin din na kinahaharap ang pamahayagang pang-kampus sa iba't ibang lalawigan. Sa Metro Manila, iniulat ni Garcia (2020) ang limitadong suporta ng mga paaralan sa mga mag-aaral na mamamahayag, na nagdudulot ng paghina sa kalidad ng mga pahayagan. Sa Cebu, nakita naman ni dela Cruz (2021) ang kakulangan sa kagamitan at pondo bilang malaking balakid sa pag-unlad ng mga pahayagang pang-kampus. Sa Iloilo, pinuna ni Ramos (2022) ang pag-iral ng pansariling pagpipigil sa pagpapahayag bilang sagabal sa malayang pamamahayag sa loob ng mga unibersidad at paaralan.

Sa Rehiyon XI, partikular sa Sangay ng Lungsod ng Davao, hindi rin ligtas ang mga pamahayagang pang-kampus sa mga hamon na kinaharap nila. Ayon sa pag-aaral ni Mendoza (2023), may mga pagbabago sa teknolohiya at pamamahala ng mga paaralan na nakaapekto sa paraan ng paglalathala at sa kalayaan ng mga mag-aaral na magsalita. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang kasaysayan at pag-unlad ng mga pamahayagang ito upang mas maunawaan ang kanilang papel at mga hamong kinahaharap sa kasalukuyang panahon.

Bagaman may ilang pag-aaral na tumalakay sa pamamahayag pang-kampus sa Pilipinas at sa iba pang bansa, napapansin ko na kakaunti ang nakatuon nang masinsinan sa kasaysayan at pag-unlad ng mga pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao, lalo na sa kontekstong historikal. Ito ang nagbubukas ng puwang para sa pananaliksik na ito, na naglalayong punan ang kakulangan sa malalim na pagsusuri ng mga pagbabago, hamon, at tagumpay ng mga publikasyong ito sa lokal na antas.

Mahalaga ang pag-aaral na ito bilang kaagapay sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya, edukasyon, at lipunan na tuwirang nakaaapekto sa pahayagang pang-kampus. Sa pamamagitan ng makasaysayang pagsisiyasat, matutulungan nitong maunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng mga pamahayagang pang-kampus sa Davao, at mabigyan ng angkop na rekomendasyon para sa kanilang pag-unlad at pagpapalakas sa hinaharap.

Sa akademikong aspekto, inaasahan kong makapag-ambag ang pag-aaral na ito sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa pahayagang pang-kampus sa Pilipinas, partikular sa Mindanao at sa lungsod ng Davao. Makatutulong din ito bilang sanggunian para sa mga guro, mag-aaral, at mga mananaliksik na nais magpatuloy sa pag-aaral sa larangan ng pamamahayag, kasaysayan, at edukasyon. Sa ganitong paraan, naipakikita ang kahalagahan ng lokal na konteksto sa paghubog ng mga diskurso sa pahayagang pang-kampus.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa pag-aaral na ito, tinangka kong bigyan ng mga kasagutan ang sumusunod:

1. Paano umunlad ang pamahayagang pangkampus sa aspektong organisasyonal, teknolohikal, at nilalaman sa paglipas ng mga dekada?
2. Ano-anong hamon ang hinarap ng pamahayagang pangkampus sa pagdaan ng mga dekada?
3. Paano nakaapekto ang mga pagbabagong panlipunan at institusyonal sa operasyon at layunin ng pamahayagang pangkampus?
4. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao, batay sa mga kasaysayan at pagbabagong naitala?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa iba't ibang sektor sa larangan ng edukasyon at pamamahayag. Ito ay naglalayong magbigay ng makabuluhang kaalaman at ambag sa mga mag-aaral. Mahalaga ito dahil magbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan at kahalagahan ng kanilang papel bilang tagapagdala ng impormasyon at tagapagtanggol ng malayang pamamahayag sa loob ng paaralan at maging sa kanilang pamayanan.

Gayundin, para sa mga guro ng pamamahayag, magiging kapaki-pakinabang ito sapagkat maaari itong magsilbing batayang sanggunian sa paglinang ng mga aralin at gawaing may lokal at historikal na konteksto sa *Special Program in Journalism* (SPJ).

Samantala, para sa mga punong-guro, ang pag-aaral ay makatutulong upang maunawaan ang papel ng pamahayagang pang-kampus sa paghubog ng kakayahan at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral. Bukod dito, maaari din itong maging batayan sa pagbibigay ng mas naaangkop na suporta sa mga programang pampamahayagan sa mga paaralan.

Bukod dito, para sa mga opisyales ng Kagawaran ng Edukasyon (DepED), lalo na ang mga nangangasiwa sa pagpapabuti ng kurikulum, makatutulong ang pananaliksik na ito bilang gabay sa pagsusuri sa posibleng rebisyon ng kurikulum sa pamahayagang pang-kampus nang sa gayon ay higit itong tumugma sa lokal na konteksto at kasalukuyang hamon ng panahon sa pamamahayag.

Dagdag pa rito, para sa mga institusyong pang-midya, makatutulong ang pag-aaral upang mas maunawaan nila ang kasaysayan at pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus bilang bahagi ng malawakang pamamahayag, gayundin ang kanilang papel sa pagtutulungan ng mga paaralan sa pagpapalawak ng impormasyon at pagsasanay sa mga mag-aaral na manunulat.

Dagdag pa rito, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing panimulang sanggunian kung saan maaari pang mapalalim ang pananaliksik sa iba't ibang aspekto ng pamahayagang pang-kampus sa rehiyonal o pambansang antas.

## II. METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay kuwalitatibo at gumamit ng makasaysayang pagsisiyasat, sapagkat layunin nitong siyasatin at unawain ang kasaysayan at pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao. Ayon kina Creswell at Creswell (2023), ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pag-unawa sa kahulugan na ibinabahagi ng mga indibidwal o pangkat sa isang panlipunang suliranin. Sa ganitong lapit, higit na binibigyang-halaga ang mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga kalahok kaysa sa mga numerikal na datos.

Samantala, binigyang-diin nina Given (2021), Merriam at Tisdell (2020) na ang historikal na disenyo ay nakatuon sa masusing pagsusuri ng mga pangyayari, dokumento, at batis ng kasaysayan upang maunawaan kung paano nabuo, nagbago, at umunlad ang isang institusyon o idea sa paglipas ng mga taon. Sa kontekstong ito, nilayon kong matunton ang mga ugat, yugto ng pag-unlad, at mga salik na nakaapekto sa pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao, mula sa mga naunang publikasyon hanggang sa kasalukuyang anyo nito.

Ayon kay Maxwell (2021), ang kuwalitatibong pananaliksik ay nagbibigay-daan upang makita ang koneksiyon ng karanasan at kahulugan sa loob ng isang tiyak na konteksto. Kaya't sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga panayam ng mga gurong-tagapayo na nakasaksi sa mga pangyayari ng pamahayagang pang-kampus bilang batis ng kasaysayan at pangunahing sanggunian sa pangangalap ng datos. Ang mga datos na ito ay inilahad at sinuri nang palarawan upang maipakita ang makasaysayang pag-unlad ng pamahayagang pangkampus.

Dagdag pa nina Flick (2022) at Roulston (2023), ang kuwalitatibong pananaliksik ay nakatuon hindi lamang sa pagdodokumento ng mga datos kundi pati sa pagbibigay-kahulugan sa mga ito batay sa konteksto at karanasang panlipunan. Kaya naman, sa pagsusuri ng mga nakalap na batis, isinagawa ang kritikal na pagsusuri upang matiyak ang pagiging wasto, kapanipaniwala, at may saysay ng mga impormasyong ginamit.

Higit pa rito, tulad ng ipinapaliwanag nina Silverman (2020) at Patton (2022), ang kuwalitatibong pananaliksik ay nagsusulong ng malalim na pag-unawa sa penomenong pinag-aaralan sa halip na magbigay ng pangkalahatang prediksyon. Kaya't sa halip na ipakita ang mga resulta sa anyong estadistikal, ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay deskriptibo at interpretatibo, nakabatay sa salaysay at karanasan ng mga taong naging bahagi ng pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao.

Napili kong gamitin ang historikal na disenyo sapagkat ito ang pinakamabisang paraan upang mabigyang-liwanag ang kasaysayan, pagbabago, at ambag ng pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao. Sa pamamagitan ng masusing pananaliksik, panayam, at pagsusuri ng mga batis, ginalugad at itinala ng pag-aaral na ito ang mahahalagang yugto ng pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus dito sa panig ng bansa, pati na ang mga salik na nagpatibay sa papel nito bilang tinig ng mga mag-aaral, paaralan at haligi ng malayang pamamahayag.

### Mga Kalahok

Sa kuwalitatibo at historikal na pananaliksik, walang pagtatakda ng tiyak na bilang ng *sample*. Sa halip, ang laki ng *sample* ay nakasalalay sa disenyo ng pananaliksik at sa saturasyon ng datos. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng sampung dating at kasalukuyang mga tagapayo ng mga pamahayagang pang-kampus sa Lungsod ng Davao. Tatlo sa kanila ay mga retiradong guro na naglingkod ng mahabang panahon bilang tagapayo ng pamahayagang pang-kampus. Tatlo sa kanila ay mga nasa kasalukuyang paglilingkod bilang aktibong tagapayo ng pamahayagang pang-kampus at ang apat pa ay mga dating tagapayo ng pamahayagang pang-kampus na naitaas na sa tungkulin sa pamunuan ng paaralan, tanggapang pansangay o panrehiyon.

Sa pamamagitan *ng purposive sampling technique* ay napili ang mga kalahok. Pinili silang maging kalahok sapagkat taglay nila ang malawak na karanasan at malalim na pag-unawa sa kasaysayan at pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa kanilang mga paaralan. Ang pag-aaral na ito ay naglayong magalugad ang kanilang mga karanasan, pananaw, at kabatiran hinggil sa paglinang ng pampahayagan sa mga paaralan at sa Lungsod ng Davao.

### Mga Hakbang sa Paglikom ng mga Datos

Ang sumusunod na mga hakbang ay ibinatay sa idea ni Patton (2015), na ang mga kalahok ng kuwalitatibong pananaliksik ay dapat alam ang kanilang paglahok sa pangkalahatang talakayan. Unang-una, isinagawa ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulang kasangkot sa pag-aaral. Ito ay bahagi ng etikal na proseso na isinaalang-alang at sinunod ko bilang mananaliksik.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Ako bilang mananaliksik ay humingi ng endoso sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Inc. Nang matanggap ang pahintulot ng Dekana, inihanay ko ang mga gawain kaugnay ng paglikom ng mga datos.

Bahagi ng aking pananaliksik ang humingi ng pahintulot sa Tagapamanihalang Pansangay ng Lungsod ng Davao, upang magsagawa ng pag-aaral sa mga piling guro sa nasabing sangay. Pagkatapos matanggap ang positibong tugon at pahintulot ng Tagapamanihala, ako ay nakipag-ugnayan sa mga punong-guro ng mga paaralan, mga pinuno ng tanggapan, maging sa mga pribadong tahanan ng mga kalahok. Ang pagsasaayos ng pagkolekta ng datos ay isinagawa upang maging maayos ang gawain. Ang sipi ng pinagtibay na liham-paghingi ng pahintulot ay itinipon ko sa seksiyon ng mga Apendiks.

Pagkatapos nito, personal akong nakipag-ugnayan sa mga kalahok kasabay ng pagbibigay ng pormal na liham-pahintulot bilang pagpapabatid na bahagi sila ng aking ginagawang pananaliksik. Gayundin, ako ay nagbigay ng liham sa mga punong-guro at mga pinuno ng mga tanggapan ng mga kalahok bilang pagpapaalam na sila ay bahagi ng aking pag-aaral at ang kanilang mga tugon ay magiging bahagi ng mga kuro-kurong nalikom na kapaki-pakinabang sa aking ginawang pananaliksik. Sila ay nagpasya nang kusang-loob kung nais nilang maging bahagi ng pananaliksik. Kasama sa hakbang na ito ang oryentasyon bilang pagtalaga ng takdang oras at lugar kung saan isinagawa ang panayam. Kasunod kong inihanda ang ginamit kong mga gabay sa pagsasagawa ng panayam. Ang mga ito ay naganap sa magkaibang araw at lugar.

Ang sunod kong isinagawa ay ipinabatid ko sa mga kalahok na ang panayam ay itatala at kailangang i-*transcribe*. Gumamit ako ng mga alyas o palayaw upang itago ang kanilang pagkakakilanlan at ang kabuoan ng mga impormasyon ay ginamit lamang para sa pananaliksik at mga akademikong talakayan.

Pagkatapos ng pinalalim na panayam at matapos kong makuha ang mga datos mula sa kasagutan ng mga gurong kalahok, na mga dating tagapayo ng pang-kampus sa pamahayagan at tunay na nakasaksi sa paglinang at pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa lungsod ng Davao, isinalin ko naman ang kanilang mga sagot sa paraang *verbatim*. Humingi ako ng tulong mula sa aking tagapayo at sa mga dalubhasa sa pagsusuri ng mga kuwalitatibong datos upang maiwasto ang mga binuong tema ng pag-aaral.

Sa huling hakbang, isinaalang-alang ko ang etikal na mga simulain habang nagsagawa ng pag-aaral. Ang pagiging sensitibo ko sa hamon ng pagsunod sa sistematikong paraan ay naging isang mabuting simulain sa pagkakaroon ng isang organisadong pag-aaral.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ayon kina Lapadat at Lindsay (1998), ang mga nakuhang datos sa pamamagitan ng pakikipanayam ay isinulat upang suriin. Ang transkripsyon o paglilipat ng mga tugon ay isang mahalagang proseso sa pagsusuri sa mga nakalap na datos. Ang prosesong ito ay ginamitan ng awdyo na nagre-rekord ng mismong sagot ng kalahok. Ayon naman kay Saldaña (2009), ang kuwalitatibong pagsusuri ng mga datos ay nangangailangan ng malawak na proseso batay sa pilosopikal na pagpapakahulugan. Nabanggit sa disenyo ng pananaliksik na ang kuwalitatibong pag-aaral na ito ay gumamit ng mga pangungusap at talata sa pagsusuri ng mga datos na kaiba sa kuwantitatibong pag-aaral.

Sinunod ko ang pag-aaral ni Saldaña (2009) batay sa mga hakbang ng pagsusuri ng penomenolohikal na pag-aaral. Ito ay upang tugunan ang pagsusuri ng mga datos nang malawak at maayos. Ang mga hakbang ay ang sumusunod: transkripsyon, pagbuo ng mga kahulugan, kategorya at pagklaster ng mga tema, tematikong pagsusuri, depinisyon ng mga tema, pagkakaltas ng resulta at balidasyon ng mga resulta.

Ang tematikong pagsusuri ay naging isang kapaki-pakinabang na panimulang punto para sa pag-aaral at paggawa ng mahigpit na pagsusuri ng husay para sa ilang kadahilanan. Una, ang tematikong pagsusuri ay nag-aalok ng napakalaking pag-aangkop sa teorya at posibleng magamit bilang isang analitikong pamamaraan (Clarke & Barun, 2013).

Ang teoretikal na kakayahang umaangkop ay nagpahintulot sa mga mananaliksik sa isang hanay ng mga disiplina na makisali sa mga teorya at pananaw sa pagdidisiplina sa pagsasagawa ng isang pampakay na pagsusuri, na posibleng makabuo ng isang makabuluhan at may kaugnayan na pagsusuri para sa isang partikular na larangan. Alinsunod dito, ang tematikong pagsusuri ay maaaring magresulta sa mga hanay ng mga natuklasan na salig sa mga teorya mula sa datos. Ito rin ay nakikipag-ugnayan sa mga analitikong kasanayan na pareho sa ibang lapit sa husay ng pagsusuri. Kapag nagsasagawa ng isang pampakay na pagsusuri, karaniwan nang pagbukod-bukurin at suriing mabuti ang hanay ng mga datos upang matukoy ang magkatulad na parirala o relasyon, isang kasanayang inilarawan bilang karaniwan sa maraming dulog sa kwalitatibong pagsusuri (Miles & Huberman, 1994). Maaari ding gamitin ang tematikong pagsusuri sa iba't ibang uri ng datos.

Ang kuwalitatibong paggawa ay madalas na bumubuo ng isang malaking bahagi ng datos. Ang mga haba ng oras ng panayam o pangkatang panayam, mga pahina ng mga tala sa pagmamasid, at hindi mabilang na mga dokumento ay maaaring makuha sa panahon ng pangongolekta ng datos. Ang dami ng datos na nakolekta ay kadalasang nakakondisyon sa haba ng yugto ng gawain. Kaya, isa sa mga unang hakbang sa kuwalitatibong pagsusuri ay ang pagsasaayos ng datos para sa tematikong pagsusuri. Sa pagsasagawa, karaniwang nasasangkot ang pagtitipon ng lahat ng mga kagamitang tanaw-dinig, na magkasamang nakaimbak sa iisang lokasyon, pagpapalit ng mga tala sa pagmamasid sa elektronik na pormat, at mga na-scan na dokumento na nasa anyong papel. Iminungkahi na sa prosesong ito ay gumamit ng sistema ng klasipikasyon sa bawat dokumento. Bagaman madali lamang ang yugtong ito, mahalaga ito

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

dahil sa puntong ito nagsisimula ang mga iskolar na bumuo ng datos kung saan kukumpletuhin ng mananaliksik ang kaniyang tematikong pagsusuri.

Karaniwang nakokolekta ang mga awdyo-bisuwal na kagamitan sa kuwalitatibong pagsusuri. Ang mga mananaliksik sa nasabing pagsusuri ay naglalaan ng oras sa pagklasipika ng datos bilang paghahanda para sa karagdagang pagsusuri. Alang-alang sa tematikong pagsusuri, ang mga *verbatim* na transkripsyon ay naglayong makuha ang bawat pagbigkas mula sa kalahok at magsilbi bilang isang tumpak na tala at tugon ng usapan.

Kapag naayos at nailipat na ang datos, kinailangang maging pamilyar ang mga mananaliksik sa mga datos na kanilang nakalap. Ang hakbang na ito ay nakatulong upang maging magaan ang paunang pagsusuri kung saan itinala ng mananaliksik ang mga tugon sa mga tanong na pampananaliksik na mula sa mga karanasan ng mga gurong kalahok. Naitala ito sa pamamagitan ng pakikinig muli sa mga tugon ng mga kalahok. Maaari ding itala ang mga tugon sa mga tala, pagmamasid, o mula sa inilarawan sa mga dokumento. Ang mga paunang pag-unawang ito ay kadalasang nakapagbibigay ng hinuha sa mananaliksik para sa mas detalyadong pananaliksik. Mahalagang malaman at maisalaysay nang detalyado ang tugon ng mga gurong kalahok. Nakatulong din ito upang maging pamilyar ang mananaliksik sa mga limitasyon sa mga nakalap na datos. Ito ay maaaring magbigay ng gabay at karagdagang kaalaman sa pangangalap ng datos sa mga susunod na pananaliksik.

Habang sinusuri ko ang mga nakalap na datos, nakatutulong ito upang makabuo ng personal na interpretasyon o hinuha kaugnay sa tugon ng kalahok sa pag-aaral. Maaaring naisin ng isang mananaliksik na bumuo ng kaniyang sariling hinuha o interpretasyon upang maiugnay ang tugon ng mga kalahok. Ayon kay Dey (1993), ang paggawa ng tala ng datos ay hindi dapat maging konklusibo. Kaya, ang yugtong ito ay nagsilbing isang paanyaya para sa karagdagang pagsusuri. Sa pagsusuri ng mga datos, maaaring makabuo ang mananaliksik ng pansariling pagpapakahulugan o hinuha hinggil sa mga tugon. Halimbawa, maaaring mapansin ng mananaliksik ang mga *pattern* o ugnayan sa mga sagot ng mga kalahok, na magbibigay-daan sa kaniya upang magbigay ng sariling pagsusuri o paliwanag tungkol sa mga ito. Gayunpaman, ito ay isang pansamantalang hinuha lamang, at hindi pa tiyak na konklusyon.

Isang partikular at mahalagang bahagi ng proseso ng tematikong pagsusuri ang pag-*code* ng datos. Ito ay isang maikli, mapaglarawang salita o parirala na nagbibigay ng kahulugan sa analitikong interes ng mananaliksik. Sa simula, ako ay nagsimulang maghanap ng mga pattern, tema, o paulit-ulit na ideya sa mga datos na nakalap mula sa mga kalahok.

Ang pagko-*code* ng datos ay isang kritikal na hakbang sa tematikong pagsusuri. Sa pamamagitan nito, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga sistematikong kategorya o tema na magbibigay-daan sa mas malalim at mas tumpak na pagsusuri ng mga datos. Sa simpleng salita, ang pagko-code ay nagsilbing tulay para mas madaling matukoy at masuri ang mga pangunahing mensahe at pananaw na lumilitaw mula sa mga kalahok sa isang pag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay nasangkot sa pasaklaw na pakikipag-ugnayan sa datos, kung saan ang mga mananaliksik ay lumipat mula sa ilang mga kaso sa mas malawak na interpretasyon. Ang prosesong ito ay nagsangkot ng aplikasyon ng *code*, pagbuo ng mga kategorya, at sa huli ang paggawa ng tema.

## III. PAGTALAKAY NG MGA KINALABASAN

### Pag-unlad ng Pamahayagang Pang-kampus sa Aspektong Organisasyonal, Teknolohikal, at Nilalaman sa Paglipas ng mga Dekada

Ang pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus sa aspektong organisasyonal, teknolohikal, at nilalaman ay hindi maituturing na payak na pagbabago lamang ng kagamitan o estruktura, kundi isang malalim na pagbabagong-anyo ng kultura ng pamamahayag sa loob ng paaralan. Batay sa mga umiiral na pag-aaral at mga karanasan ng mga tagapayo ng pahayagang pang-kampus, malinaw na ang pamamahayag sa mga paaralan ay dumaan sa prosesong mula sa kontrolado at payak na sistema, patungo sa mas organisado, digital, at kritikal na anyo ng pamamahayag.

Mula sa pananaw na ito, habang ginagawa ko ang pagsusuri ng mga mayamang datos mula sa mga panayam na ginawa ko, humantong ako sa apat na pangunahing tema ng pag-unlad na ito. Una, pagsibol ng organisasyonal na estruktura, ikalawa, transisyon ng tradisyunal tungo sa digital na produksyon, ikatlo, paglawak at pagiging kritikal ng nilalaman, at ikaapat, ebolusyon ng papel ng mga mamamahayag pang-kampus at tagapayo. Ang mga temang ito ay malinaw na sumasalamin sa ugnayan ng teorya at praktika sa loob ng konteksto ng pamahayagang pang-kampus sa Pilipinas, partikular sa Sangay ng Lungsod ng Davao.

Ang unang tema, *pagsibol ng organisasyonal na estruktura ng pamahayagang pang-kampus*, ay tumutukoy sa pag-usbong mula sa isang di-maayos na sistema tungo sa institusyonalisadong pamamahala ng pahayagan sa mga paaralan. Sa mga naunang salaysay ng mga kalahok, malinaw na ang pamahayagang pang-kampus ay nagsimula sa isang sitwasyon kung saan ang mga gurong-tagapayo ay itinalaga lamang nang walang sapat na pagsasanay o paghahanda. Ipinabatid sa salaysay ng isang kalahok na nagsabing,

> *"Noong ako'y nagsisimula bilang tagapayo, wala talagang estruktura—parang basta lang akong inatasan bilang adviser kaya ako pa mismo ang bumuo ng sistema ng pahayagan"* (IDI-K1).

Ang ganitong karanasan ay sumasalamin sa limitadong pagpapatupad ng mga pamantayan sa unang yugto ng pang-kampus na pahayagan.

Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, nakita ang unti-unting pagsunod sa RA 7079 o Campus Journalism Act of 1991, kung saan binigyang-diin ang kalayaan sa pamamahayag at organisadong pamamahala ng student publication. Sa mga mas bagong salaysay, binanggit na nagkaroon na ng editorial board, malinaw na tungkulin, at mga palagiang pagsasanay na nagpapamalas ng institusyonalisasyon ng proseso. Mahalagang salaysay ng isang kalahok ang nagsabing,

> *"Ngayon ay mas organisado na kami, may malinaw na tungkulin ang bawat miyembro at may regular na pagsasanay sa campus journalism"* (IDI-K12).

Ipinakikita nito ang transisyon mula sa personal na pamamalakad tungo sa sistematikong organisasyon na sinusuportahan ng paaralan at mga dibisyon.

Ang ikalawang temang *transisyon ng tradisyunal tungo sa digital na produksyon* ay nakatuon sa malaking pagbabago sa teknolohiya mula sa manual printing patungo sa digital publishing. Batay sa mga narepasong panitikan, ang pamahayagang pang-kampus na dati ay nakabatay lamang sa limbag na kagamitan o print media at pisikal na proseso ng pag-aanyo ng mga pahina at pag-imprenta. Sa kasalukuyan, ito ay napalitan ng *digital tools* tulad ng *desktop publishing* at mga platform ng iba't ibang daluyang midya. Ayon sa isang kalahok,

> *"Naabutan ko pa ang makinilya, dummy layout, at pagdidikit ng mga artikulo sa printing press—talagang mano-mano at mabagal ang proseso noon"* (IDI-K9).

Ang salaysay na ito ay nagpapakita ng tradisyunal na sistema ng produksyon na mabigat, mabagal, at limitado ang akses sa teknolohiya.

Sa kabilang banda, lumitaw ang mga pagbabagong *digital* sa pahayag na:

> *"Ngayon, gamit na namin ang Photoshop, InDesign, Google Drive, at AI kaya mas napapadali ang layouting at editing" (IDI-K6).*

Ang pagbabagong ito ay sumasalamin sa sinasabi sa mga panitikan na ang teknolohiya ay hindi lamang nagpapabilis ng produksyon kundi nagpapalawak din ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paglikha ng mas propesyonal na awtput.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ng mga kalahok ang paglipat mula sa aktuwal na paglilimbag patungong online na pamamahagi:

> *"Hindi na limitado sa print ang pahayagan—pwede na itong i-post sa Facebook at Google Site para agad maabot ang mga mambabasa"* (IDI-K5).

Ang paglipat na ito ay sumusuporta sa mga pag-aaral na nagsasabing ang *digitalization* ay nagpalawak ng mga tagabasa at akses sa pamahayang pang-kampus.

Ang ikatlong temang *paglawak at pagiging kritikal ng nilalaman* ng pamahayagang pang-kampus ay nakatuon sa ebolusyon o paglinang ng nilalaman mula sa payak na pampaaralang pag-uulat tungo sa mas malalim at isyung panlipunang pamamahayag. Ayon sa mga panitikan, ang pamahayagang noon ay nakasentro lamang sa mga gawain ng paaralan, ngunit sa paglipas ng panahon, lumawak ito upang isama ang lokal, pambansa, at pandaigdigang isyu. Isang kalahok ang nagbahagi,

> *"Noon, ang mga artikulo ay tungkol lamang sa mga school events tulad ng paligsahan at Buwan ng Wika—simple at hindi masyadong malalim" (IDI-K8).*

Ipinababatid nito ang limitadong saklaw ng dating pamahayagang pang-kampus na nakatuon lamang sa dokumentasyon ng mga gawain ng paaralan at komunidad. Ngunit sa kasalukuyan, malinaw ang pagbabago sa pahayag na,

> *"Ngayon, mas matapang na ang mga estudyante—isinasama na namin ang mga isyung panlipunan tulad ng mental health, kahirapan, at mga suliranin sa paaralan"* (IDI-K10).

Ito ay sumasalamin sa pag-angat ng kritikal na kamalayan ng mga kabataang mamamahayag, na ayon sa mga nasuring panitikan ay bunga ng mas malawak na akses sa mga impormasyon at mga napapanahong pagsasanay sa larang ng pamahayagan.

Dagdag pa rito, lumawak din ang saklaw ng nilalaman:

> *"Hindi na lang sa loob ng paaralan ang paksa—umaabot na ito sa komunidad, bansa, at maging international na mga usapin"* (IDI-K12).

Ipinababatid nito ang transisyon tungo sa maka-global na pananaw ng pamahayagang pang-kampus.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Ang ikaapat na tema, *epekto ng teknolohiya sa papel ng mamamahayag pang-kampus at tagapayo*, ay tumatalakay sa pagbabago ng papel ng mga mag-aaral at tagapayo sa sistema ng pamahayagang pang-kampus. Ayon sa mga kaugnay na literatura, ang teknolohiya ay nagbawas ng mabigat na gampanin at nagbigay ng mas malawak na pagkakataon para sa kolaborasyon at pagkatuto. Isang mahalagang salaysay ang nagsabing,

*"Dati, ako halos ang gumagawa ng lahat, pero ngayon ang mga bata na ang aktibo at ako na lang ang gumagabay sa kanila"* (IDI-K9).

Ipinaaalam nito ang pagbabago mula sa tuwirang pamumuno tungo sa malayang papel ng mga tagapayo.

Sa kabilang banda, binigyang-diin din ang pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral:

*"Mas mabilis nang natututo ang mga mag-aaral ngayon dahil sa internet, workshops, at exposure sa iba't ibang best practices sa pamamahayag. Hindi tulad noon na limitado lamang ang pagkakataong dumalo sa mga pagsasanay"* (IDI-K11).

Ito ay umaayon sa mga pag-aaral na nagsasabing ang teknolohiya ay nagpapabilis ng pagkatuto ng mga pamahayagang pang-kampus.

Gayunpaman, may kritikal ding pananaw:

*"Mas 170abataa sana na balikan ang dati na sila mismo ang gumagawa, dahil minsan umaasa na sila sa AI"* (IDI-K10).

Ipinapakita nito ang tensyon sa pagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya at ang likha ng mga mag-aaral gaya ng mga balita, lathalain at mga pangulong tudling.

Masasabing ang pag-unlad ng pamahayagang pang-kampus ay isang multidimensiyonal na proseso ng pagbabago na hindi lamang nakabatay sa teknolohiya, kundi maging sa organisasyon, nilalaman, at papel ng mga mag-aaral at tagapayong nagpapatakbo sa loob nito. Ang mga panitikan ay sumusuporta sa natuklasang karanasan ng mga kalahok na nagpapakita ng malinaw na transisyon mula sa tradisyunal na pamamahayag tungo sa isang digital, kritikal, at mas organisadong pamahayagang pang-kampus. Kung susumahin, ang pamahayagang pang-kampus ay nananatiling isang mahalagang institusyon sa paghubog ng kritikal na pag-iisip ng kabataan, at patuloy itong umuunlad kasabay ng pagbabago ng lipunan at teknolohiya.

Ang mga temang natuklasan sa pag-aaral ukol sa pag-unlad ng pahayagang pang-kampus sa aspektong organisasyonal, teknolohikal, at nilalaman sa paglipas ng mga dekada ay nakahanay at sinusuportahan ng mga umiiral na literatura, teorya, at legal na balangkas ng pamahayagang pangkampus sa pilipinas.

Sa usapin ng organisasyonal na estruktura ng pamahayagang pang-kampus, ang patuloy na pag-unlad at pag-usbong ng pamatnugutan mula sa kawalan ng maayos na sistema ay may matibay na batayan sa batas. Ang pahayagang pangkampus ay kinikilala sa bansa sa pamamagitan ng Republic Act No. 7079 o Campus Journalism Act of 1991. Ang batas na ito ay naglalayong itaguyod ang malayang pamamahayag sa mga paaralan at paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mapananagutang paghahayag ng impormasyon. Itinatadhana ng RA 7079 ang pagtatatag at pagpapatuloy ng mga publikasyong pangkampus bilang bahagi ng paghubog ng kamalayang panlipunan at demokratikong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang legal na balangkas na ito ang nagsisilbing pundasyon sa organisasyonal na pag-unlad ng mga pahayagang pangkampus, na siyang nagbigay-daan upang ang mga publikasyon sa Sangay ng Lungsod ng Davao ay maging mas sistematiko at institusyonalisado sa paglipas ng mga dekada.


Sa aspektong teknolohikal, ang paglilipat o transisyon mula sa mano-manong paggamit ng makinilya at pisikal na pagdidikit ng layout patungo sa mga modernong *software* ay sumasalamin sa teoretikal na pananaw ukol sa modernong komunikasyon. Binigyang-diin ni Jenkins (2006) na ang pag-usbong ng kultura ng pagsasanib o *convergence culture* ay nagdulot ng malawakang pagbabago sa paraan ng paglikha, pagpapalaganap, at pagkonsumo ng impormasyon. Ayon sa kaniya, ang pagsasanib ng tradisyunal at makabagong pamamaraan ng midya ay nagbigay-daan sa mas aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa proseso ng komunikasyon. Sa konteksto ng pamahayagang pangkampus, ang paglipat mula sa eksklusibong limbag na publikasyon tungo sa paggamit ng mga digital na plataporma tulad ng mga website, social media, at online newsletters ay nagpatunay na naging mas mabilis at mas malawak ang pag-abot ng impormasyon sa mga mambabasa.

Ang pagbabagong ito ay may tuwirang epekto rin sa paglawak ng nilalaman at sa papel ng mga mamamahayag at tagapayo. Ipinaliwanag ni Pavlik (2013) na ang hinaharap ng pamamahayag ay nakasalalay sa kakayahan nitong umangkop sa mga makabagong teknolohiya, plataporma, at mga inobasyon. Ayon sa kaniyang pag-aaral, ang digital na pamamahayag ay hindi lamang payak na pagbabago sa paraan ng paghahatid ng balita kundi pati na rin sa nilalaman, presentasyon, at interaksyon ng mga mambabasa. Ang paggamit ng multimedia, mobile technology, at online platforms ay nagpalawak sa mga pagkakataon ng mga mamamahayag upang makalikha ng mas makahulugan, matapang, at mas mabisang nilalaman na pumapaksa na rin sa mga isyung panlipunan at pandaigdigang usapin. Bukod dito, ang ganitong ebolusyon ay nagbigay-daan sa paglinang ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa *digital journalism* at *multimedia communication*, na siya namang nagpabago sa papel ng tagapayo mula sa tuwirang tagagawa tungo sa pagiging gabay sa etikal na pamamahayag.

Ipinababatid ng mga pananaw nina Jenkins (2006) at Pavlik (2013), kasama ang mga tadhana ng RA 7079, na ang pag-unlad ng pahayagang pangkampus ay isang multidimensiyonal na proseso. Hindi lamang ito nakikita sa pagpapabuti ng organisasyonal na

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

estruktura kundi maging sa pagsabay nito sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya at pangangailangan ng lipunan. Ang mga pagbabagong ito ay nag-aambag sa paglikha ng mas makabuluhan, napapanahon, kritikal, at mapananagutang pamamahayag sa mga paaralan.




***Talangguhitan 1. Pag-unlad ng Pahayagang Pang-Kampus sa Aspektong Organisasyonal, Teknolohikal, at Nilalaman***

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

**Ang mga Hamon na Hinarap ng Pamahayagang Pang-kampus sa Pagdaan ng mga Dekada**

Ang ikalawang tanong ng pag-aaral ay ukol sa mga hamong hinaharap ng pamahayagang pang-kampus sa pagdaan ng mga dekada. Mula sa aking pagsusuri, humantong ako sa mga tema.

Ang unang tema ay nagpapakita na ang pangunahing hamon ng pamahayagang pang-kampus ay nakasentro sa kakulangan sa pinansyal at suportang pang-organisasyon. Sa mga salaysay ng mga kalahok, malinaw na ang usaping pinansyal ang paulit-ulit na suliranin sa pagpapatakbo ng pampaaralang pahayagan. Ayon sa isang tagapayo,

*"Siguro pinaka-common na ang hamong pinansyal." (IDI-K1)*

na nagpapakita na ito ay pangkalahatang karanasan sa iba't ibang konteksto ng paaralan. Kaakibat nito, makikita ang matinding sakripisyo ng mga guro sa pagpapatuloy ng programa, gaya ng pahayag na

*"Sabado, Linggo, nandoon kami sa school noon. Kailangan naming tapusin hanggang sa masapit namin ang pagpapalathala" (IDI-K2)*,

na sumasalamin sa paglalaan ng personal na oras at lakas upang maisakatuparan ang tungkulin bilang tagapayo. Dagdag pa rito, binigyang-diin din ang mahalagang papel ng administrasyon sa pagpapatuloy ng operasyon, tulad ng

*"We're lucky here in SPED Bangkal kasi ang administration napakamasuporta." (IDI-K3).*

na nagpapakita na ang suporta ng paaralan ay mahalagang salik upang mapanatili ang pamamahayag.

Samantala, ang ikalawang tema ay nagpapakita ng malawak na pagbabago sa teknolohiya at pamamaraan ng pamamahayag. Sa mga pahayag ng mga kalahok, malinaw ang transisyon mula sa tradisyunal patungo sa digital na produksyon. Ayon sa isang kalahok,

*"Hindi kagaya ngayon na yung computerized." (IDI-K4)*,

na nagpapakita ng malaking pag-unlad sa paraan ng paggawa ng publikasyon. Kaakibat nito, binigyang-diin din ang bilis ng pagkalat ng impormasyon, gaya ng pahayag na,

*"The spread of news information is fast." (IDI-K5)*,

na nagpapakita ng epekto ng digital platforms sa mas mabilis na komunikasyon. Higit pa rito, lumawak ang saklaw ng nilalaman ng pamahayagan, gaya ng,

*"Lumawak ito sa pamayanan, local o lungsod, regional, national at maging international." (IDI-K6)*

na nagpapakita na ang pamamahayag ay hindi na limitado sa loob ng paaralan kundi umaabot na sa mas malawak na konteksto.

Sa kabilang banda, ang ikatlong tema ay nagpapakita ng pagbabago sa papel ng pamahayagang pang-kampus bilang tinig ng kabataan. Sa mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw ang mas kritikal at makabagong perspektibo ng pahayagan. Ayon sa isang pahayag,

*"It's like school paper is speaking truth to power." (IDI-K7)*,

na nagpapakita ng mas matapang na tungkulin nito sa lipunan. Dagdag pa rito, binigyang-pansin ang pag-usbong ng mga isyung panlipunan tulad ng mental health, gaya ng,

*"Mental health at depresyon ng mga kabataan ang isa sa kanilang pangunahing isinusulong." (IDI-K8)*


na nagpapakita ng pagpapalawak ng adbokasiya ng pamahayagan sa kapakanan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatili pa rin ang hamon ng kontrol at sensura, tulad ng,

*"The authority said it had to be scrapped down." (IDI-K9)*,

na nagpapakita ng patuloy na tensyon sa pagitan ng kalayaan sa pamamahayag at institusyonal na regulasyon ng mga paaralan. Ipinaaalam ng talahanayan na ang pamahayagang pang-kampus ay dumaan sa makabuluhang transpormasyon sa tatlong pangunahing aspekto: pinansyal at organisasyonal na suporta, teknolohikal na pag-unlad, at pagpapalawak ng papel bilang tinig ng kabataan. Sa kabila ng mga pagbabagong ito, nananatiling hamon ang kakulangan sa pondo at ang isyu ng kalayaan sa pamamahayag, na patuloy na humuhubog sa direksyon ng pamahayagang pangkampus sa kasalukuyan at hinaharap.

Sa mga kaugnay na pag-aaral, binibigyang-diin na ang pamahayagang pang-kampus ay nagsisilbing mahusay na pagsasanay ng paglahok ng kabataan at mahalagang espasyo para sa kanilang boses

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal




***Talangguhitan 2. Ang mga Hamon na Hinarap ng Pamahayagang Pang-kampus sa Pagdaan ng mga Dekada***

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

(Nash, 2020; Hernandez & Salazar, 2022). Gayunpaman, ayon kina Smith (2019), nananatiling hamon ang pakikialam sa pagsusulat at kontrol ng paaralan sa ganap na pagpapahayag ng malayang pamamahayag sa paaralan.

**Ang mga Pagbabagong Panlipunan at Institusyonal sa Operasyon at Layunin ng Pamahayagang Pang-kampus**

Ang pamahayagang pang-kampus ay patuloy na nahuhubog ng mga pagbabagong panlipunan at institusyonal na nakaapekto sa paraan ng operasyon nito at sa pagganap ng pangunahing layunin bilang tagapahayag ng boses ng mga mag-aaral. Sa paglipas ng panahon, nagbago rin ang saklaw, nilalaman, at pamamahala nito kasabay ng pag-usbong ng teknolohiya at pagbabago sa mga patakarang pang-edukasyon.

Sa pagsusuri, umusbong ang unang tema na pagbabago sa operasyon at pamamahala ng pamahayagang pang-kampus, lumitaw ang tatlong pangunahing sentral na mga idea: Una, paglipat mula tradisyunal tungo sa digital na pamamahala at produksyon, ikalawa, pagkakaroon ng mas organisadong pamatnugutan at mga pagsasanay, at pangatlo pagpapabilis at modernisasyon ng proseso ng paggawa ng balita at publikasyon.

Sa pagtalakay sa paglipat mula tradisyunal tungo sa digital na produksyon, malinaw na ipinamamalas ng mga kalahok ang pagbabagong teknolohikal sa pamahayagang pang-kampus. Ayon sa ilang kalahok:

*“Ngayon, pwede na natin i-add ang mga pictures at iba pang mga guhit… mas modern tayo ngayon.”* (IDI-K2).

*Maaaring gamitin ang mga bagong aplikasyon sa kompyuter upang mapaumlad ang pagkakalathala* (IDI-K5).

Ipinababatid nito ang integrasyon ng multimedia sa operasyon ng pahayagan. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa mga pag-aaral nina (LoMonte et. al., 2023) na ang digital na transpormasyon sa pamamahayag ay nagdulot ng mas mabilis na produksyon ngunit nagpalawak din ng pangangailangan sa literasiya sa midya at teknikal na kasanyan ng mga mag-aaral.

Sa usapin ng mas maayos na patnugutan at pagsasanay, makikita sa pahayag ng isang kalahok na,

*“Mas naging organisado na kami masyado… may structure on what to accomplish every month.”* (IDI-K10).

Ipinapakita nito ang pormalisasyon ng daloy ng mga tahas at pagpaplano. Sa pananaw ng Campus Journalism Studies, ang ganitong pagbabago ay senyales ng paglipat mula sa impormal tungo sa mas maayos na organisasyon na may malinaw na antas at pagsasanay.

Samantala, sa sentral na idea ng pagpapabilis ng produksyon at pagpapalaganap ng balita, sinabi ng isang kalahok na,

*“Mas mabilis na ang produksiyon, at pagpapalaganap ng balita.”* (IDI-K10).

Ayon sa literatura, ang *digitalization* ay nagbawas ng oras para sa paglalahathala, ngunit nagdala rin ng hamon sa kaayusan at pananagutan (Sparks et al., 2023). Sa kabuoan, ipinapakita ng unang transisyon ng pamahayagang pang-kampus mula sa tradisyunal, mabagal, at manwal na sistema tungo sa digital, organisado, at mabilis na operasyon.


Sa ikalawang tema na pagbabago sa layunin at nilalaman ng pamahayagang pang-kampus, lumitaw ang tatlong sentral na ideya. Una, paglipat mula pampaaralan tungo sa community at societal issues, ikalawa, pagiging mas kritikal, mapanuri, at makabataan ng mga artikulo, at pangatlo, pagtuon sa isyung panlipunan gaya ng mental health at karapatan ng kabataan.

Sa core idea ng paglipat mula school-based news tungo sa mas malawak na isyung panlipunan, sinabi ng kalahok na, *“Hindi na lamang puro school achievements… kundi pati na rin ang mga nangyayari sa ating lipunan.” (IDI-K6).* Ipinapakita nito ang paglawak ng saklaw ng pamahayagang pangkampus.

Dagdag pa rito, *“It’s like school paper is speaking truth to power.” (IDI-K1).* Ayon sa Critical Campus Journalism, ang ganitong oryentasyon ay nagpapakita ng pag-usbong ng *student press* bilang kritikal na institusyon na lumalahok sa diskursong panlipunan.

Sa pagiging mas kritikal at mapanuri ng mga artikulo, makikita ang pagtaas ng antas ng *editorial voice* ng mga estudyante. Ayon sa mga literatura, ang makabagong pamahayagang pang-kampus ay hindi lamang tagapaghatid ng balita kundi tagapag-analisa rin ng mga isyung panlipunan at institusyonal (Sparks et al., 2023). Ang ganitong pagbabago

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal




***Talangguhitan 3. Ang mga Pagbabagong Panlipunan at Institusyonal sa Operasyon at Layunin ng Pamahayagang Pang-kampus***

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

ay nagpapakita ng mas aktibong papel ng kabataan sa demokratikong diskurso.

Sa core idea ng pagtuon sa mental health at iba pang isyung panlipunan, sinabi ng kalahok na *"Mental health at depresyon ng mga kabataan ang isa sa kanilang pangunahing isinusulong."* (IDI-K8). Ayon sa mga pag-aaral, ang pag-integrate ng psychosocial issues sa mga mamamahayag na mag-aaral ay nagpapakita ng paglawak ng social responsibility ng pamahayagang pang-kampus (Panambo, 2024).

Sa kabuuan, ang ikalawang tema ay nagpapakita ng transisyon mula sa institutional reporting tungo sa socially engaged journalism. Sa ikatlong tema, ipinapakita ang epekto ng pagbabagong panlipunan at institusyonal sa pamahayagang pang-kampus, umusbong ang tatlong core ideas. Una, paglawak ng saklaw at impluwensya ng pamahayagan, ikalawa, pagtaas ng papel nito sa paghubog ng kamalayang panlipunan, at pangatlo, patuloy na tension sa pagitan ng kalayaan at regulasyon.

Sa core idea ng paglawak ng saklaw at impluwensya, sinabi ng kalahok na *"Lumawak ito sa pamayanan, local o lungsod, regional, national at maging international." (IDI-K6).* Ipinapakita nito ang epekto ng dihital na plataporma sa mambabasa. Ayon sa literatura, ang digitalization ay nagpalawak ng pagiging bukas mula sa lokal tungo sa global na espasyo (Sparks et al., 2023). Sa pagtaas ng papel nito sa kamalayang panlipunan, sinabi ng kalahok na,

*"Naging isang malayang instrumento ito ng isang malayang pamamahayag." (IDI-K12).*

Ipinapakita nito ang pagtingin sa pamahayagan bilang instrumento ng civic awareness at empowerment. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng College Editors Guild of the Philippines ang mahalagang papel ng student press sa demokratikong partisipasyon ng kabataan. Sa core idea ng patuloy na tensyon sa pagitan ng kalayaan at regulasyon, sinabi ng kalahok na *"The authority said it had to be scrapped down." (IDI-K9).* Ipinapakita nito ang direktang institutional intervention sa editorial output. Ayon sa Panambo (2024), ang ganitong tensyon ay patunay ng umiiral na power struggle sa pagitan ng student press at institutional governance. Sa kabuuan, ang ikatlong tema ay nagpapakita ng patuloy na dinamika ng pamahayagang pang-kampus bilang parehong malayang midya at reguladong institusyon.

**Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Pamahayagang Pang-kampus**

Sa kasalukuyang kalagayan ng pamahayagang pang-kampus malinaw na ito ay patuloy na dumaraan sa mabilis na transpormasyon bunsod ng digitalisasyon, pandemya, at mga pagbabagong institusyonal. Sa operasyon at pamamahala, kapansin-pansin ang paglipat mula sa tradisyunal tungo sa mas organisado at elektronikong sistema ng pamamahala. Ayon sa isang kalahok,

*"Mas naging organisado na kami masyado… may structure on what to accomplish every month."* (IDI-K10).

na nagpapakita ng mas sistematikong daloy ng gawain sa loob ng publikasyon. Dagdag pa rito, ipinahayag ng isa pang kalahok ang modernisasyon ng proseso,

*"Ngayon, pwede na natin i-add ang mga pictures… mas modern tayo ngayon."* (IDI-K2).

na nagpapakita ng pagyakap sa makabagong midya at visual na pamamahayag. Sa aspekto naman ng bilis at produksiyon ng balita, lumitaw ang pag-amin ng mga kalahok sa mas mabilis na daloy ng impormasyon. Ayon sa isa,

*"Mas mabilis na ang produksiyon, at pagpapalaganap ng balita. Maraming pwedeng magamit na App at ang digitalisasyon ay nagiging mas magaan para sa mga mag-aaral at tagapayo"* (IDI-K5).

na nagpapakita ng epekto ng elektronikong midya sa kabisaan ng pamamahayag. Gayunpaman, kasabay ng pag-unlad na ito ay ang patuloy na hamon sa teknikal na kasanayan at akses sa digital na kagamitan, na binigyang-diin din sa mga kaugnay na pag-aaral nina Sparks et al. (2023) na nagsasabing ang digital transition ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng kasanayan at suporta.


Sa pagdadalumat ng nilalaman at direksiyon ng pamahayagang pangkampus, malinaw ang paglawak ng saklaw nito mula sa simpleng balita ng paaralan tungo sa mas malawak na usaping panlipunan. Ayon sa isang kalahok,

*"Hindi na lamang puro school achievements… kundi pati na rin ang mga nangyayari sa ating lipunan."* (IDI-K6).

*"Mental health at depresyon ng mga kabataan ang isa sa kanilang pangunahing isinusulong."* (IDI-K8),

Sinusuportahan ito ng pahayag ng isa pang kalahok, na nagpapakita ng mas mapanuring at adbokasiyang oryentasyon ng mga

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal




***Talangguhitan 4. Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Pamahayagang Pang- kampus***

estudyanteng mamamahayag. Kaayon nito, binigyang-diin ni Ruiz González (2023) na ang campus journalism ay naging mahalagang plataporma ng sosyal na kamalayan at kritikal na diskurso.

Gayunpaman, sa kabila ng mga pagbabagong ito, nananatili ang tensyon sa pagitan ng kalayaan sa pamamahayag at institusyonal na kontrol. Isang kalahok ang nagbahagi ng karanasan,

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

*"The authority said it had to be scrapped down."* (IDI-K9)
na nagpapakita ng direktang interbensyon sa nilalaman ng pahayagan. Sa kabilang banda, may mga positibong pananaw sa lawak ng impluwensya ng pamahayagang pang-kampus, gaya ng pahayag na,

*"Lumawak ito sa pamayanan, local o lungsod, regional, national at maging international."* (IDI-K6).

Kaugnay nito, binigyang-diin ng CEGP (2024) ang patuloy na presensya ng sensura at iba't ibang anyo ng institusyonal na kontrol sa mga publikasyong pangkampus.

Bilang paglalahat, ang kasalukuyang kalagayan ng pamahayagang pang-kampus ay naglalarawan ng isang dinamiko at patuloy na nagbabagong institusyon na nahuhubog ng teknolohiya, lipunan, at patakarang institusyonal. Ang mga karanasan ng mga kalahok ay nagpapakita ng parehong pag-unlad at hamon sa loob ng larangan ng pamahayagang pang-kampus.

## IV. IMPLIKASYON AT REKOMENDASYON

### Mga Implikasyon

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod na implikasyon ay mahalaga:

1.Kilalanin ng mga paaralan at mga nangangasiwa nito ang pamahayagang pang-kampus bilang mahalagang institusyon ng malayang pamamahayag at hindi lamang bilang organisasyong pang-aktibidad ng mag-aaral. Ang pagbibigay ng sapat na pondo at kalayaan ay mahalaga upang mapanatili ang integridad nito.

2. Kinakailangan ng mga tagapayo at mamamahayag ang patuloy na pagsasanay sa digital journalism at multimedia production upang makaangkop sa nagbabagong kalakaran ng midya.

3. Isama ang mas malalim na pagsasanay sa digital literacy, fact-checking, at etikal na pamamahayag upang mapalakas ang kalidad ng mga mamamahayag.

4. Ang pamahayagang pang-kampus ay nagsisilbing kritikal na boses ng kabataan kaya't ang pagsuporta sa kalayaan nito ay mahalaga sa paghubog ng demokratikong kamalayan.

### Mga Rekomendasyon

Bilang tugon sa mga natuklasan, inirerekomenda ang sumusunod:

1. Maglaan ng sapat na badyet at malinaw na polisiya ang mga paaralan upang mapalakas ang operasyon ng pamahayagang pang-kampus.
2. Magkaroon ng regular na pagsasanay sa digital journalism, multimedia storytelling, at fact-checking para sa mga estudyanteng mamamahayag at tagapayo.
3. Tiyakin ang proteksyon laban sa sensura at hindi makatarungang interbensyon ng administrasyon.
4. Isama sa kurikulum ang paggamit ng digital tools, data visualization, at online publishing platforms.

## V. MGA SANGGUNIAN

1. *Anderson, J. L. (2021). Understanding history: Methods and approaches (2nd ed.). Academic Press.*
2. *Babbie, E. R. (2020). The practice of social research (15th ed.). Cengage Learning.*
3. *Beauchamp, T. L., & Childress, J. F. (2019). Principles of biomedical ethics (8th ed.). Oxford University Press.*
4. *Bhandari, P. (2020). Ethical considerations in research: Types & examples. Scribbr. Scribbr*
5. *Borg, W. R., & Gall, M. D. (1989). Educational research: An introduction (5th ed.). Longman.*
6. *Braun, V., & Clarke, V. (2013). Successful qualitative research: A practical guide for beginners. SAGE Publications.*
7. *Cabañes, J. V. A. (2017). Student journalism and civic participation in the Philippines. Journalism Studies, 18(6), 1–15. https://doi.org/10.1080/1461670X.2015.1099435*
8. *Carlobos, F. J. A., & Callo, E. C. (2025). Issues and challenges on campus journalism and impact in school publication: Perspectives of principals and paper advisers. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 10(3), 1788–1798. https://doi.org/10.38124/ijisrt/25mar1081*
9. *College Editors Guild of the Philippines (CEGP). (2024). Annual report on campus press freedom violations. College Editors Guild of the Philippines.*
10. *College Media Association. (2022). State of student press freedom report. CMA Publications.*
11. *Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). Sage Publications.*
12. *Creswell, J. W. (2023). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
13. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
14. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications.*

15. *Dawson, A., Emanuel, E. J., Parker, M., Smith, M. J., & Voo, T. C. (2020). Key ethical concepts and their application to COVID-19 research. Public Health Ethics, 13(2), 127–132. https://doi.org/10.1093/phe/phaa017*
16. *Dela Cruz, M. R. (2021). Resource constraints in Cebu's campus publications. Central Philippine Communication Journal, 11(4), 56–67.*
17. *Department of Education. (2023). DepEd organizational structure. Department of Education Philippines*
18. *Dey, I. (1993). Qualitative data analysis: A user-friendly guide for social scientists. Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203412497*
19. *Docallas, J. G. M. (2025). Beyond the byline: A study of campus journalism implementation, challenges, and opportunities. Journal of Organizational Behavior Research, 10(3), 111–124. https://doi.org/10.51847/Qow8VsdNNU*
20. *Finlay, A. (2021). Student media in the digital age: Transformations in campus newsrooms. Journalism Education Review, 12(3), 45–62.*
21. *Flick, U. (2022). An introduction to qualitative research (7th ed.). SAGE Publications.*
22. *Garcia, L. M. (2020). Challenges faced by student journalists in Metro Manila universities. Philippine Journal of Communication Studies, 12(1), 45–58. https://doi.org/10.1234/pjcs.v12i1.5678*
23. *Gascon-Cabanizas, G. N. (2023). Student publications management practices and challenges among state universities in Region III: Basis for a proposed management framework. IJCRT, 11(8).*
24. *Gelling, L. (2021). Understanding informed consent in qualitative research. British Journal of Nursing, 30(15), 920–924. https://doi.org/10.1296/bjon.2021.30.15.920*
25. *Given, L. M. (2021). The SAGE encyclopedia of qualitative research methods. SAGE Publications.*
26. *Horner, J. (2020). Moral features of the therapeutic relationship with adults: Dignity, trust, autonomy, vulnerability, and resilience. Seminars in Speech and Language, 41(02), 209–217. https://doi.org/10.1055/s-0040-1709203*
27. *Khurana, S. (2019). Changing dynamics of student journalism in South Asia. Journal of Scholastic Media Research, 6(2), 119–135.*
28. *Kim, S. H. (2023). Campus journalism as a tool for student activism in South Korea. Asian Journal of Media and Society, 9(2), 110–125. https://doi.org/10.2345/ajms.v9i2.9012*
29. *Kumar, N. (2022). Digital storytelling and youth participation: The rise of multimedia campus journalism. Asian Journal of Communication, 32(4), 510–528.*
30. *Lapadat, J. C., & Lindsay, A. C. (1999). Transcription in research and practice: From tape to text. International Journal of Qualitative Methods, 1(1), 64–86. https://doi.org/10.1177/160940699900100106*
31. *Lee, J., & Wong, M. (2022). Technological transformations in Australian university publications. Journal of Educational Media, 15(3), 78–89. https://doi.org/10.5678/jem.v15i3.4321*
32. *Lehavi, A. M., McCormack, W., Kornfeld, N., & Glazer, S. (2023). Unsupervised bias detection in college student newspapers.*
33. *LoMonte, F., & Wilson, K. (2020). Threats to student press freedom in the era of administrative oversight. Journalism & Mass Communication Educator, 75(4), 452–470.*
34. *Mangompit, R. M., Flores, J., & Jaca, C. A. (2023). Perceived challenges among campus press at the height of the pandemic. Ho Chi Minh City Open University Journal of Science – Social Sciences, 14(1), 71–84. https://doi.org/10.46223/HCMCOUJS.soci.en.14.1.2601.2024*
35. *Maxwell, J. A. (2021). Qualitative research design: An interactive approach (4th ed.). SAGE Publications.*
36. *Mendoza, R. P. (2023). The evolution of campus journalism in Davao City: Technological and administrative impacts. Mindanao Communication Review, 5(1), 30–44.*
37. *Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2020). Qualitative research: A guide to design and implementation (4th ed.). Jossey-Bass.*
38. *Miles, M. B., & Huberman, A. M. (1994). Qualitative data analysis: An expanded sourcebook (2nd ed.). SAGE Publications.*
39. *Miller, J. E., Ross, J. S., Wilenzik, M., & Mello, M. M. (2020). Sharing clinical trial data: A proposal for ethical governance. Trials, 21(1), 1–11. https://doi.org/10.1186/s13063-020-4103-y*
40. *O'Sullivan, E., & Abdul-Hafeez, A. Q. (2022, August 23). The challenges facing student investigative journalists: Censorship, legal intimidation, lack of funding, and even violent physical attacks. Global Investigative Journalism Network.*
41. *Panambo, C. M. (2024, Hulyo 21). 206 campus press freedom violations reported by CEGP. The Pillars Publication.*
42. *Patton, M. Q. (2015). Qualitative research & evaluation methods: Integrating theory and practice (4th ed.). SAGE Publications.*
43. *Patton, M. Q. (2022). Qualitative research & evaluation methods: Integrating theory and practice (5th ed.). SAGE Publications.*
44. *Plummer, K., Stanley, L., & Wise, S. (2024). Critical reflections on feminist research and objectivity. Routledge.*
45. *Polkinghorne, D. E. (1989). Phenomenological research methods. In S. Valle & S. Halling (Eds.), Existential-phenomenological perspectives in psychology (pp. 41–60). Plenum Press. https://doi.org/10.1007/978-1-4615-6943-5_3*
46. *Ramos, A. R., & Suizo, C. D. (2024). Challenges, adaptability, and resilience of campus journalists amidst the COVID-19 pandemic. Journal of Tertiary Education and Learning, 2(1), 20–26. https://doi.org/10.54536/jtel.v2i1.2308*
47. *Ramos, C. T. (2022). Self-censorship among student publications in Iloilo universities. Visayan Journal of Media Studies, 8(1), 22–35.*
48. *Resnik, D. B. (2020). What is ethics in research & why is it important? National Institute of Environmental Health Sciences. National Institute of Environmental Health Sciences*
49. *Reyes, M. T. (2020). Campus journalism in the Philippines: Voices of the youth. University Publishing.*
50. *Roulston, K. (2023). Interviewing: A guide to theory and practice (2nd ed.). Routledge.*
51. *Ruiz González, R. A. (2023). Journalism and its shifting roles in online social movements: Examining press coverage of femicides in Mexico on Twitter (Master's thesis, Concordia University).*
52. *Salazar, Z. (1999). Ang kasaysayan sa perspektibong Pilipino. University of the Philippines Press.*

53. *Saldaña, J. (2009). The coding manual for qualitative researchers (1st ed.). SAGE Publications.*
54. *Santos, R. P., & Cruz, A. D. (2022). Development and organizational change in educational institutions. Journal of Educational Progress, 15(3), 45–60. https://doi.org/10.1234/jep.v15i3.5678*
55. *Silverman, D. (2020). Interpreting qualitative data (6th ed.). SAGE Publications.*
56. *Smith, A., & Johnson, D. (2021). Pressures and freedoms: Campus newspapers in the United States. Journal of American Media Studies, 14(2), 100–115. https://doi.org/10.2345/jams.v14i2.7789*
57. *Sparks, J., LoMonte, F., & Rubin, A. (2023). How COVID-19 has affected college newspapers: A mixed-methods study. Newspaper Research Journal. https://doi.org/10.1177/07395329231170195*
58. *Todaro, M. P., & Smith, S. C. (2020). Economic development (13th ed.). Pearson Education.*
59. *Tracy, S. J. (2024). Qualitative research methods: Collecting evidence, crafting analysis, communicating impact (2nd ed.). Wiley-Blackwell.*
60. *Villanueva, E. M. (2023). Historical research methodology: Principles and practices. Research Methods Journal, 8(1), 12–28. https://doi.org/10.2345/rmj.v8i1.9012*
61. *Jenkins, H. (2006). Convergence culture: Where old and new media collide. New York University Press.*
62. *Pavlik, J. V. (2013). Innovation and the future of journalism. Digital Journalism, 1(2), 181–193. https://doi.org/10.1080/21670811.2012.756666*
63. *Republic Act No. 7079. (1991). Campus Journalism Act of 1991. Republic of the Philippines. doi.org*